



MIDWIVES ASSOCIATION
of BRITISH COLUMBIA

TUNGKOL SA KADALUBHASAAN SA PAGPAPANAK O MIDWIFERY



ANO ANG ISANG KOMADRONA?

Sa maikling salita, ang mga komadrona ay mga dalubhasa tungkol sa malusog na pagbubuntis at panganganak.

Ang mga Rehistradong Komadrona sa BC ay nag-aalok ng pangunahing prenatal at perinatal (bago at pagkatapos ipanganak) na pangangalaga sa malusog na mga nagbubuntis at kanilang mga bagong panganak na sanggol mula sa maagang bahagi ng pagbubuntis, proseso ng panganganak at pagkapanganak, hanggang anim na linggo matapos manganak. Ano ang ibig sabihin nito? Ang mga komadrona ay nakikinig, nag-oobserba, nagtuturo, pumapatnubay at nangangalaga. Sila ang nag-uutos na gawin ang mga pagsusuri at nagpapaliwanag ng mga resulta nito. Sinusubaybayan din nila ang pangkatawan, pangkaisipan, pandamdamin at panlipunang kalusugan. Ang ibig sabihin ng salitang komadrona ay “kasama ng babae” ngunit ang mga komadrona ay kasama ng lahat ng taong pwedeng manganak sa panahon ng pagbubuntis, panganganak at pagkapanganak, maging ito man ay normal o kumplikado. Sila ang nagpapaanak. Sila ang bumibisita sa bahay pagkatapos na ipanganak ang sanggol. Tumutulong sila kung paano magpasuso at umangkop ang mga taong may bagong silang na sanggol. Nagtatrabaho sila na kasama ng iba pang mga propesyonal sa kalusugan. Nagpractice sila batay sa ebidensya, nagbibigay ng pangangalagang nakatuon sa mga buntis na kliyente at mga bagong silang na sanggol at isang matatag na bahagi ng sistema ng pangangalaga ng kalusugan sa BC.

KAILANGAN KO BA NG REFERRAL?

Hindi kinakailangan ng referral.

PAANO AKO MAKAKAHANAP NG ISANG KOMADRONA?

Tingnan lamang ang mga detalye ng pagkontak sa inyong lokal na listahan ng mga nagpa-practice na komadrona at tawagan ang mga ito. Upang matulungan kayong makahanap ng isang komadrona sa inyong lugar, gamitin ang aming website upang mag-search sa map.

ANG MGA SERBISYO BA NG KOMADRONA AY REGULATED O PINANGANGASIWAAN?

Ang mga komadrona ay rehistrado at pinangangasiwaan ng College of Midwives of British Columbia (CMBC) alinsunod sa BC Health Professions Act, ng Midwives Regulation at ng CMBC Bylaws. Ang mga komadrona ay sinimulang pangasiwaan at legal na kinilala bilang may autonomiyang mga practitioner ng pangangalagang pangkalusugan sa BC noong 1998.

ANG MGA BAYARIN BA SA MGA SERBISYO NG KOMADRONA AY SAKOP O COVERED SA BC?

Sakop ng pondo ng Ministry of Health ng BC ang gastos sa mga serbisyo ng komadrona para sa lahat ng residente ng BC na may balidong Carecard sa pamamagitan ng BC Medical Services Plan (MSP).

WWW.BCMIDWIVES.COM



MAAARI BA AKONG MAGKARON NG ISANG DOKTOR AT ISANG KOMADRONA?

Ang sakop lamang ng BC Medical Services Plan ay para sa isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (primary care provider) para sa panahon ng inyong pagbubuntis at panganganak, hanggang anim na linggo pagkatapos manganak para sa mga malusog na pagbubuntis. Ang pagpili ng inyong caregiver sa panahon ng pagbubuntis ay nasa inyo na. Ang mga komadrona ay dalubhasa ukol sa malusog na pagbubuntis at normal na panganganak at kumukonsulta sa mga family doctor at iba pang mga espesyalista tulad ng mga obstetrician kung kinakailangan. Anim na linggo pagkatapos ninyong manganak, kapag natapos na ng komadrona ang pangangalaga sa inyo, ibabalik kayo sa inyong family doctor upang ipagpatuloy ang responsibilidad ng pangangalaga sa kalusugan ninyo at ng inyong sanggol. Ang mga kliyenteng walang family doctor ang may tungkulin na isaayos ang kanilang patuloy na primary care o pangunahing pangangalaga. Ang inyong komadrona ang magbibigay sa inyo ng karagdagang impormasyon sa paghanap ng family doctor ninyo.

HINDI AKO SAKOP NG BC MEDICAL SERVICES PLAN. MAAARI PA RIN BA AKONG MAGKARON NG KOMADRONA?

Kung kayo ay isang refugee na sakop ng Interim Federal Health Program (IFHP) maaari ninyong tawagan ang Midwives Association of BC (MABC) sa 604-736-5976 upang makahanap ng komadronang nakarehistro sa Medavie Blue Cross sa inyong lugar. Kung kayo ay hindi isang refugee, dapat ninyong kontakin ang isang komadrona sa kanyang clinic at kausapin sila sa mga opsyon ng pagbabayad para sa inyong pribadong pangangalaga. Hindi kayo maaaring singilin ng mga komadrona ng mas mataas kaysa sa sinisingil ng gobyerno, gayunpaman, hindi kasama sa gastos ang mga supply, pagsusuri sa laboratory at blood work, ultrasound scans, o anumang mga sisingilin sa ospital o ng doktor kabilang ang mga gastos na may kaugnayan sa panganganak sa ospital.

KAILAN AKO DAPAT NA TUMAWAG PARA SA AKING UNANG APPOINTMENT SA KOMADRONA?

Kontakin kaagad ang isang komadrona sa sandaling malaman ninyo na kayo ay buntis. Ang mga practice o trabaho ng mga komadrona ay maaaring

mapunan kaagad ayon sa komunidad at dami ng kliyente, gayunpaman maaari kayong tumawag anumang oras para sa available na schedule o maaaring mayroong available para sa anumang buwan. Kung nagsimula ang inyong pagbubuntis sa ilalim ng pangangalaga ng isang doktor at nais na lumipat sa isang komadrona, ito ay pwedeng gawin ngunit maaaring mahirapan na humanap ng available na komadrona.

GAANO AKO KADALAS DAPAT NA MAKIPAGKITA SA ISANG KOMADRONA?

Ang mga pagbisita sa komadrona ay mas madalas kaysa sa pagbisita sa mga doktor sa panahon ng pagbubuntis. Karamihan ng mga pagbisita sa unang bahagi ng pagbubuntis ay ini-schedule tuwing tatlo hanggang anim na linggo at tumatagal ng mga 30-60 minuto. Sa ikatlong tatlong buwan (third trimester) ng pagbisita ay ini-schedule nang mas madalas at karaniwan ay bawat linggo sa huling buwan ng pagbubuntis. Ang mas madalas na pagbisita ay nagbibigay daan para sa pagtasa ng pangkatawan, pandamdamin at panlipunang kalusugan at nagbibigay ng panahon para sa maalam na pagdedesiyon at pagdibelop ng mahusay na relasyon sa pagitan ng mga kliyente at care providers. Pagkatapos na maisilang ang inyong sanggol ang mga pagbisita ay depende kung nasaan lugar kayo. Maaaring ito ay sa ospital kung sa ospital nanganak, at sa bahay pag-uwi ninyo, o kung sa bahay nanganak. Pagkatapos ng una o ikalawang linggo, ang mga pagbisita ay karaniwang nagaganap sa clinic at nagpapatuloy ito hanggang ika-anim na linggo kapag ang inyong pangangalaga ay inilipat na sa family doctor. Sa pagitan ng mga pagbisita, ang mga komadrona ay maaaring tawagan 24/7 para sa kagyat na mga pangangalaga o mga pag-aalala.

ILAN ANG KOMADRONA NA MASASANGKOT SA AKING PANGANGALAGA?

Ang mga komadrona ay madalas na nagtatrabaho sa mga grupo ng dalawa o tatlong tao, ngunit maaaring magtrabaho rin ng nag-iisa o kabilang ng interdisciplinary team na may iba pang mga tagapagbigay ng pangangalaga tulad ng mga doktor o nurse. Maari silang tawagan 24/7. Sa mga maliliit na grupo ng komadrona, maaaring karamihan sa mga kliyente ay kilala na ang lahat ng komadrona sa team bago ang panganganak o labour. Binibigyang-diin sa dokumento ng CMBC Midwifery Model of Practice ang konseptong patuloy na pangangalaga sa pagbibigay ng ligtas, at angkop na pangangalaga sa kliyente.





ANO ANG UGNAYAN SA TRABAHO SA PAGITAN NG MGA KOMADRONA AT OBSTETRICIANS?

Ang mga komadrona ay kumukonsulta sa mga family doctor, obstetrician, pediatrician at iba pang mga espesyalista kung kinakailangan. Ang paglipat ng pangangalaga ay maaaring maganap sa mga mas kagyat na kalagayan. Kung ang komplikasyon ay nagsimula sa maagang yugto ng pagbubuntis ang mga komadrona ay madalas na nasa pangsuportang tungkulin, kung minsan ang pangangalaga ay ibinabalik sa komadrona matapos na malunasan ang komplikasyon. Sa ganitong mga kalagayan ang mga komadrona ay halos palaging nananatiling kasangkot sa mga ibinibigay na pangangalaga.

MAGKAKARON BA AKO NG ACCESS SA MGA PAGSUSURI AT MGA RESETA NA KATULAD NG IBINIBIGAY NG ISANG DOKTOR?

Ang mga komadrona ay nag-aalok ng isang kumpletong bahagi ng prenatal laboratory tests, mga genetic screening at opsyon ng diagnosis, ultrasound imaging at marami pang ibang tests at procedures para sa mga buntis at mga bagong silang na sanggol. Kasama sa practice ng isang komadrona

ang paggamit ng maraming mga gamot na maaaring kailangan sa pagbubuntis at sa panganganak kabilang ang mga sitwasyong pang-emergency o mga gamot na panglunas sa sakit, at para sa kliyente o sanggol pagkatapos ipanganak. Kung ang gamot o pagsusuring kinakailangan ay hindi saklaw ng kanyang practice, ang komadrona ay kumukonsulta at sumasangguni sa mga doktor para sa mas espesyal na pangangalaga (specialized care).

MAAARI BANG MAWALA ANG MGA SERBISYO NG KOMADRONA DAHIL SA MGA KOMPLIKASYON?

Ito ay maaaring mangyari batay sa inyong personal na mga sirkumstansya. Sa unang araw ng inyong pagbisita, ang mga komadrona ay dapat na sabihin sa inyo kung ang pangangalaga na kinakailangan ninyo ay sakop ng kanyang practice. Kung sa anumang oras ay may mangyaring komplikasyon habang nasa pangangalaga ng komadrona, may isang patnubay ang website ng CMBC na makakatulong sa pagdesisyon na kumonsulta o ilipat ang pangangalaga sa naaangkop na doktor o iba pang espesyalista. Ang mga ospital ay madalas din na may mga patakaran kung kailan maaaring isagawa ang konsultasyon o paglipat.

MAAARI BA AKONG PUMILI KUNG SAAN AKO MANGANGANAK: SA BAHAY O SA OSPITAL?

Ang mga komadrona ay nag-aalok ng mapagpipiliang lugar para manganak sa mga taong malusog at mas maliit ang panganib (low risk), batay sa prinsipyo ng maalam na pagdesisyon. Sa karaniwan, 70% ng panganganak na kasangkot ang mga komadrona ay nagaganap sa mga ospital. Ang numerong ito ay nag-iiba iba ayon sa practice at komunidad. Para sa karagdagang impormasyon sa panganganak sa bahay dito sa BC basahin ang *CMBC Place of Birth Handbook for Clients*. Ang isang malawak na pag-aaral tungkol sa panganganak sa bahay sa British Columbia ay matatagpuan sa website ng Canadian Medical Association. Gayundin, ang *Home Birth: An annotated guide to the literature* ay makukuha sa UBC Division of Midwifery.

ANONG MGA PANGLUNAS SA SAKIT ANG MAAARI PARA SA AKIN?

Ang mga komadrona ay nag-aalok ng iba't ibang mga natural at parmasyotikong mga pagpipiliang panglunas sa sakit, kabilang ang access sa epidurals o mga pampamanhid. Mahalaga para sa pangangalaga ng mga komadrona na malaman ng mga kliyente ang lahat ng impormasyon upang makatulong sa maalam na pagdesisyon tungkol sa paggamit ng mga opsyon na panglunas ng sakit. Ang mga opsyon na ito ay tinatalakay sa panahon ng prenatal visits (bago manganak) gayundin sa prenatal classes kung pinili ninyong dumalo nito sa inyong komunidad.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG MANGAILANGAN AKO NG C-SECTION?

Ang mga komadrona ay mayroong 42% na mas mababang cesarean section rate kaysa sa average ng probinsiya. Gayunpaman, sa ilang tiyak na mga sirkumstansya ang isang panganganak ng

cesarean ay maaaring inirerekomenda bilang isang mas ligtas na opsyon kaysa physiological birth (normal na panganganak). Sa karamihan ng sitwasyon, ang mga komadrona ay kasangkot sa proseso ng pagdedesisyon maging sa labour o prenately (panganganak o bago manganak), at karaniwan ay naroroon sa panahon ng panganganak na cesarean at para sa malusog na pag-aalaga ng sanggol pagkatapos nito. Ang pananatili sa ospital ay mas matagal kapag nanganak sa pamamagitan ng cesarean section; samakatuwid, binibisita ng mga komadrona ang mga pamilya at kanilang mga sanggol sa ospital hanggang sa pag-uwi nila.

PAANO KUNG MAYROON AKONG PROBLEMA NA WALANG KAUGNAYAN SA PAGBUBUNTIS?

Patuloy na makikipagkita ang mga kliyente sa kanilang family doctor, o iba pang espesyalistang doktor, para sa mga isyu sa kalusugan na walang kaugnayan sa pagbubuntis.

ANO ANG PAGKAKAIBA SA PAGITAN NG ISANG KOMADRONA AT ISANG DOULA?

Ang mga doula ay hindi nagbibigay ng pangangalagang medikal at hindi nagpapaanak ng sanggol. Ang mga komadrona ay sinanay upang magbigay ng lahat ng kinakailangang pangangalagang medikal at upang subaybayan ang kalusugan at kagalingan ninyo at ng inyong sanggol. Ang mga doula ay nagtatrabaho bilang bahagi ng isang team, na may isang komadrona o doktor at nurse. Ang mga doula ang nagbibigay ng patuloy na suportang pandamdamin at pangkatawan sa taong nanganak at sa kanilang partner, at isang positibong karagdagan sa team ng nagpapaanak para sa mag-asawa na nais ng karagdagang suporta. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga doula, mangyaring bumisita sa BC Doula Services Association.

I ♥ BC
MIDWIVES

Matatagpuan ang marami pang impormasyon tungkol sa komadrona/midwifery sa BC, at mga tips sa kung paano makahanap ng isang komadrona sa www.bcmidwives.com

Midwives Association of British Columbia

Telepono: 604-736-5976

Fax: 604-736-5957

www.bcmidwives.com

office@bcmidwives.com

About Midwifery [Filipino]